

	TAMANG SAGOT (TS)	
	Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2023-0004
	Title	Electronic Data Submission of the Statement of Account (SOA) for All Case Rates (ACR) Claims and Identified PhilHealth Benefits

Tanong	Sagot
<p>1. Bakit binuo ang PhilHealth Circular No. 2023-0004?</p>	<p>Kabilang sa mga pangunahing alituntunin ng Universal Health Care (UHC) Act o ang Republic Act (R.A.) 11223 ay ang magbigay ng angkop na proteksyong pampinansyal sa lahat ng mga Filipino.</p> <p>Kaugnay nito ay ang layunin na mapag-aralan ang mga gamot at kagamitang ibinigay sa mga pasyente para sa mga serbisyong medikal na pinagkakagastusan at pinaglalaanan ng malaking halaga. Para mabigyan ito ng gabay, binuo ng PhilHealth ang polisiyang ito patungkol sa pagsumite ng Statement of Account o SOA sa pamamagitan electronic data submission gamit ang XML format.</p> <p>Ito ang magbibigay sa PhilHealth ng oportunidad na masuri ang mga binabayaran ng isang miyembro sa panahong ng kaniyang admisyon sa institusyong medikal.</p>
<p>2. Ano ang layunin ng PhilHealth Circular na ito?</p>	<p>Layunin ng polisiyang ito na gabayan ang mga ospital sa mga nilalaman at paraan ng pagsusumite ng electronic SOA sa pamamagitan ng eClaims system.</p>
<p>3. Sino ang saklaw ng PhilHealth Circular na ito?</p>	<p>Ang polisiyang ito ay gagamiting gabay ng mga healthcare institutions na accredited ng PhilHealth para sa mga claims na sakop ng All Case Rate kabilang na ang sumusunod:</p> <p>Outpatient benefits na kailangan magsumite ng electronic SOA:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Outpatient HIV/AIDS Treatment (OHAT) • TB DOTS Package • Outpatient Malaria Package • Animal Bite Treatment Package

	TAMANG SAGOT (TS)	
	Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2023-0004
	Title	Electronic Data Submission of the Statement of Account (SOA) for All Case Rates (ACR) Claims and Identified PhilHealth Benefits

	<p>Benepisyo na hindi sakop ng polisya:</p> <ul style="list-style-type: none"> • COVID-19 Community Isolation Benefit Package (CCIBP) • COVID-19 Home Isolation Benefit Package (CHIBP) • Primary Care and Outpatient Benefits • Z Benefits
<p>4. Ano-ano ang mga patakarang nakasaad sa PhilHealth Circular na ito?</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Nakasaad sa polisiyang ito na ang tama at kumpletong SOA ay kinakailangang naka-XML format at nagsasaad ng mga sumusunod na detalye: <ul style="list-style-type: none"> ○ Summary of fees ○ Professional and reader's fees ○ Itemized charges • Ang PhilHealth ay magde-develop ng IT system na kakailanganin para sa pagsusumite ng SOA sa pamamagitan ng eClaims system. • Nakasaad din dito na kapag ang isang episode ng pangangalaga ay nangangailangan ng higit pa sa isang pakikipag-ugnayan, kailangan na ipakita lahat ng charges para sa kumpletong cycle ng gamutan para sa mga sumusunod na benepisyo: <ul style="list-style-type: none"> ○ SOA para sa Outpatient HIV/AIDS Treatment (OHAT) ○ SOA para sa TB DOTS Package ○ SOA para sa Outpatient Malaria Package ○ SOA para sa Animal Bite Treatment Package • Nakasaad din dito na hindi hihingan ng electronic SOA ang mga claims ng mga miyembro na nasa abroad o sa ibang bansa na-ospital.

	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2023-0004
	Title	Electronic Data Submission of the Statement of Account (SOA) for All Case Rates (ACR) Claims and Identified PhilHealth Benefits

5. Kailan ipatutupad ang mga nilalaman ng polisiyang ito?	Ang polisiyang ito ay ipatutupad sa mga claims ng mga accredited healthcare institutions na nakasaad sa probisyon at saklaw ng polisiya para sa mga admission simula Pebrero 1, 2023.
--	---